# CHEQ

Childhood Experiences Questionnaire

HUMAN EARLY LEARNING PARTNERSHIP

UBC



Ang CHEQ ay isang questionnaire na kinukumpleto ng mga magulang/tagapag-alaga habang papasok ang kanilang anak sa Kindergarten. Tinutulungan nito ang mga teacher, administrador ng school at mga partner ng komunidad na magbigay at ma-improve ang mga naka-target na suporta para sa mga bata at pamilya.

**Ginagamit ang CHEQ para:**

- **Mag-develop ng mga programa at patakaran para sa buong district at komunidad;**
- **Maunawaan nang higit pa ang mga maaagang karanasan ng mga bata at mga pamilya; at**
- **Ma-improve ang pagpaplano ng classroom at school programming.**

Kasama sa CHEQ ang mga tanong tungkol sa mga karanasan ng mga bata sa wika at numero, nutrisyon at mga gawi sa pagtulog, mga aktibidad sa bahay at sa komunidad, at access sa at paggamit ng mga resource at serbisyo.

## Ang CHEQ sa isang sulyap

- Kinumpleto ng mga magulang/tagapag-alaga habang papasok ang kanilang anak sa Kindergarten.
- Kinukumpleto online sa school o sa bahay.
- Aabutin ng mga 15 minuto para makumpleto.
- Naka-summarize ang impormasyon sa mga report para sa indibiduwal, classroom, school at district.
- Ginagamit ng mga school at komunidad para magbigay ng mga naka-target na suporta at serbisyo sa mga bata at kanilang mga pamilya.



### Magagamit ang CHEQ sa mga school at district para:

- Magplano para sa school year.
- Alamin ang mga pangangailangan sa school programming.
- Maunawaan nang higit pa ang mga indibiduwal na pangangailangan ng mga bata.

### Magagamit ang CHEQ sa komunidad para:

- Magbigay ng mga naka-target na suporta at serbisyo sa mga bata at kanilang mga pamilya.
- Magdesisyon tungkol sa programming at mga serbisyo na gusto at kailangan ng mga pamilya.
- Maunawaan ang mga hadlang sa pag-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng komunidad, mga pang-recreation na aktibidad at pangangalaga ng bata.

Version: February 2025 - H20-02241

# Tinatanong ng CHEQ ang mga magulang at caregiver tungkol sa:

### Pisikal na Kalusugan at Kagalingan

Ang mga karanasan ng kanilang anak na kaugnay sa pisikal na kalusugan at kabuuang kagalingan kasama ang mga pang-araw-araw na pisikal na aktibidad, mga regular na check-up sa pangangalaga ng kalusugan, nutrisyon at gawi sa pagtulog.

### Wika at Cognition

Mga iba't ibang karanasan na nakaka-impluwensiya sa pag-develop ng wika at cognition ng kanilang anak, kasama ang pagbabasa, pagkukuwento, pakikipag-usap at kunyaring laro, pag-rhyme, paggamit ng mga pen at lapis, pagbibilang at pag-uuri, pagpipinta at marami pa.

### Mga Sosyal at Emosyonal na Karanasan

Mga iba't ibang sosyal na karanasan na maaaring nagkaroon ang kanilang anak bago ang Kindergarten, kasama ang paglalaro kasama ang ibang bata, pag-share at pagtulong sa iba. At saka, tinatanong ang mga magulang/caregiver tungkol sa mga oportunidad na maaaring nagkaroon ang kanilang anak para pag-usapan ang tungkol sa kanilang mga emosyon at mga emosyonal na karanasan ng iba.

### Maagang Pag-aaral at Pag-aalaga

Ang mga karanasan ng kanilang anak sa pakikipag-ayos sa pag-aalaga ng hindi mga magulang at sa preschool, pati na ang mga paghamong hinaharap kapag naghahanap ng pag-aalaga. Tinatanong din sila tungkol sa karanasan ng kanilang anak sa mga programa para sa pamamagitan at suporta.

### Komunidad at Konteksto

Ang mga pananaw nila tungkol sa kaligtasan sa kanilang neighbourhood, mga oportunidad para maglaro ang mga bata sa labas sa kanilang neighbourhood, mga sosyal na network ng suporta at kung maaasahan ang mga kapitbahay na mag-alaga ng mga bata.

## The Human Early Learning Partnership

Ang Human Early Learning Partnership (HELP) ay isang pananaliksik na institute na nakabase sa University of British Columbia. Sa mahigit 20 taon, ang HELP ay nakipagtulungan kasama ang mga school at mga school district sa buong British Columbia para mangolekta ng data sa populasyon-kalusugan na kaugnay sa malusog na pag-develop ng bata. Ang CHEQ ay isa sa isang pamilya ng mga tool na magagamit bilang bahagi ng sistema ng HELP sa pagsubaybay sa bata. Ang nakolektang impormasyon ay binabahagi sa mga school at komunidad upang suportahan ang mga bata at kanilang mga pamilya.

| CHEQ | EDi | MDi |
|---|---|---|
| Childhood Experiences Questionnaire | Early Development Questionnaire | Middle Years Development Questionnaire |
| 2-5 YEARS | 5 YEARS | 9-13 YEARS |
| Questionnaire para sa magulang at caregiver | Questionnaire para sa guro | Questionnaire para sa estudyante |

**Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa proyektong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa pangkat ng Proyekto ng CHEQ:**

**604.822.3361**
**cheq@help.ubc.ca**
**earlylearning.ubc.ca**

Kontakin kami:
**earlylearning.ubc.ca/cheq/**

HUMAN EARLY LEARNING PARTNERSHIP

UBC

Version: February 2025 - H20-02241